



Mga Pamantayan sa Napapanahong Pag-access

Nakikipagtulungan ang Alameda Alliance for Health (Alliance) sa aming network ng provider para maialok sa aming mga miyembro ang pinakamataas na kalidad ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga pamantayan sa napapanahong pag-access* ay mga timeframe ng appointment na iniaatas ng estado para sa pagsusuri. Ang mga timeframe ay para sa Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP) at Alliance Medi-Cal.

Ang lahat ng provider na may kontrata sa Alliance ay inaatasang mag-alok ng mga appointment sa loob ng mga sumusunod na timeframe:

Mga Tagal ng Paghihintay para sa Appointment (Medi-Cal)	
Uri ng Appointment:	Appointment sa loob ng:
Agarang appointment sa PCP/espesyalista na <i>hindi</i> nangangailangan ng PA	48 oras
Agarang appointment sa PCP/espesyalista na <i>nangangailangan</i> ng PA	96 na oras
Appointment para sa pangunahing pangangalaga (kasama ang OBGYN bilang PCP) na hindi kinakailangan kaagad	10 araw ng negosyo
Unang prenatal na pagpapatingin	2 linggo mula sa kahilingan
Appointment sa isang espesyalistang doktor (kasama ang specialty na pangangalaga ng OBGYN) na hindi kinakailangan kaagad	15 araw ng negosyo mula sa kahilingan
Appointment sa isang provider ng kalusugan na nauugnay sa pag-uugali na hindi kinakailangan kaagad	10 araw ng negosyo mula sa kahilingan
Appointment na hindi kinakailangan kaagad para sa mga karagdagang serbisyo sa pag-diagnose o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kundisyon sa kalusugan	15 araw ng negosyo mula sa kahilingan
Mga Tagal ng Paghihintay para sa Appointment (D-SNP)	
Uri ng Appointment:	Appointment sa loob ng:
<i>Hindi</i> nangangailangan ng PA ang mga serbisyong kinakailangan kaagad o emergency	Agaran
Hindi agarang appointment sa pangunahing pangangalaga	7 araw ng negosyo mula sa kahilingan
Pangangalagang regular o pang-iwas sa sakit	30 araw ng negosyo mula sa kahilingan
Lahat ng Tagal ng Paghihintay/Telepono/Kasanayan sa Wika ng Provider	
Kategorya ng Napapanahong Pag-access:	Pamantayan sa

	Napapanahong Pag-access:
Tagal ng paghihintay sa opisina	60 minuto
Tagal ng pagtawag	1 araw ng negosyo
Tagal ng pagsagot ng tawag	10 minuto
Access sa telepono – Magbigay ng saklaw 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.	
Triage at screening sa telepono – Hindi lalampas nang 30 minuto ang paghihintay.	
Mga tagubiling pang-emergency – Tiyakin ang mga wastong tagubiling pang-emergency.	
Mga serbisyo sa wika – Nagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.	

*Ayon sa mga regulasyon ng Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) ng California, at mga pamantayan at alituntunin sa Planong Pangkalusugan (Health Plan, HP) ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).

MA D-SNP = Medicare Advantage Dual Special Needs Plan.

Pangangalagang Hindi Kinakailangan Kaagad – Mga regular na appointment para sa mga kundisyong hindi nangangailangan ng agarang atensyon.

PA = Paunang Pahintulot.

Triage (o screening) – Ang pagtatasa sa mga alalahanin sa kalusugan at sintomas ng miyembro sa pamamagitan ng komunikasyon sa isang doktor, registered nurse, o iba pang kwalipikadong propesyonal sa kalusugan na kumikilos sa saklaw na tungkulin. Ang indibidwal na ito ay dapat sanay na mag-triage o mag-screen at dapat niyang matukoy ang pagiging agaran ng pangangailangan sa pangangalaga ng miyembro.

Pagpapaikli o Pagpapalawig sa Mga Timeframe ng Appointment – Ang naaangkop na oras ng paghihintay para makakuha ng partikular na appointment ay maaaring palawigin kung natukoy ng nagre-refer o gumagamot na lisensyadong practitioner ng pangangalagang pangkalusugan, o ng propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo ng triage o screening, ayon sa naaangkop, na kumikilos ayon sa saklaw ng kanyang pagsasanay at alinsunod sa mga pamantayan ng pagsasanay na propesyonal na kinikilala, at itinala niya sa medikal na talaan ng miyembro na hindi magkakaroon ng masamang epekto sa kalusugan ng miyembro ang mas matagal na oras ng paghihintay.

Agarang Pangangalaga (o mga serbisyong kinakailangan kaagad) – Mga serbisyong kinakailangan para maiwasan ang labis na paglubha ng kalusugan kasunod ng pagsisimula ng isang hindi inaasahang kundisyon o pinsala (ibig sabihin, pananakit ng lalamunan, lagnat, minor na laceration, at kaunting bali sa buto).

May mga tanong? Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Provider ng Alliance
Lunes – Biyernes, 7:30 am – 5 pm
Numero ng Telepono: **1.510.747.4510**
www.alamedaalliance.org